



Setyembre 4, 2019

Minamahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Ang pagpasok ay isa sa mga pinakamalakas na tagahula ng nakakamit sa pang-akademiko at kapag ang inyong anak ay nasa kanilang upuan, handa na mag-aral para sa buong araw ng pasok na makakatulong sa kanila, kanilang mga kaklase, at ng buong pamayanan ng paaralan. Magtulungan tayo ng masiguro na ang inyong anak ay may magandang pagpasok at maaaring masulit ang mga oportunidad sa pag-aaral sa taong ito ng pasok.

#### **ANG PANGAKO NAMIN SA INYO**

Alam namin na maraming ibat-ibang kadahilanan na ang mag-aaral ay lumiliban sa paaralan, mula sa mga alalahanin sa kalusugan hanggang sa mga paghamon sa transportasyon. Maraming tao sa aming gusali ang handa na tumulong sa iyo o inyong mag-aaral na harapin ang paghamon sa pagpunta sa paaralan palagi at ng nasa oras. Nangangako kami na susubaybayan ang pagdalo araw-araw, na mag-aabiso kapag ang inyong mag-aaral ay wala sa klase, makikipag-ugnayan sa inyo na maunawaan kung bakit sila lumiliban, at kikilalanin ang mga hadlang at mga suporta na makukuha para malampasan ang mga paghamon na maaari mong harapin sa pagtulong sa inyong mag-aaral na pumasok.

#### **ANO ANG KAILANGAN NAMIN SA INYO**

Nami-miss namin ang inyong mag-aaral kapag sila ay wala sa paaralan habang pinahahalagahan namin ang kanilang naibibigay sa ating pamayanan ng paaralan. Kung ang inyong mag-aaral ay liliban, makipag-ugnayan ng maaga sa paaralan. Kung ang pagliban ay hindi naplano, makipag-ugnayan sa paaralan sa loob ng dalawang araw ng pasok sa pagbabalik ng inyong mag-aaral.

#### **PAANO TAYO MAKIKIPAGTULUNGAN**

- Papasukin ang inyong anak sa paaralan **maliban kung sila ay tunay na may sakit**, tulad ng lagnat, nagsusuka, nagtatae, o isang nakakahawang pantal
- Iwasan ang mga tipanan at paglalakbay kapag ang paaralan ay may sesyon.
- Subaybayan ang pagpasok ng inyong anak sa pamamagitan ng Source o iba pang pamamaraan.
- Magtakda ng palagiang oras ng pagtulog at nakagawian sa umaga (kabilang ang paglilimita kung gaano katagal maaaring gamitin ng inyong anak ang mga elektronikong kasangkapan) at matapos ang gawaing pambahay at ayusin ang backpack sa gabi.
- Magkaroon ng back-up na plano para makapasok sa paaralan kung may bagay na dumating (maaaring alternatibong ruta, mga daan, o isang plano kasama ng mga miyembro ng pamilya, mga kapitbahay, o ibang magulang)
- Makipag-usap sa paaralan tungkol sa kung paano tayo magtutulongan upang masuportahan ang pagpasok ng inyong anak

#### **ANG AMING MGA TUNGKULIN SA PAGLIBAN NG MAG-AARAL**

- Kung ang inyong anak ay may tatlong pagliban na walang pahintulot sa loob ng isang buwan, ipinag-uutos ng batas ng estado (RCW 28A.225.020) na kailangan na magtakda ng pulong sa inyo at inyong anak.
- Kung ang inyong anak ay nasa paaralang elementarya at may limang pagliban na may pahintulot sa anumang buwan, o sampu o mahigit pang pagliban na may pahintulot sa taon ng pasok, kailangan namin na makipag-ugnayan sa inyo para mag-iskedyul ng isang pagpupulong. Kung nagbigay kayo ng sulat mula sa manggamot o paunang inayos na pagliban, at mayroong isang plano para ang inyong anak ay hindi mahuli sa pag-aaral, hindi kailangan ang isang pagpupulong.
- Kung ang inyong anak may pitong pagliban na walang pahintulot sa anumang buwan o sampung pagliban na walang pahintulot sa loob ng taon ng pasok at ang aming mga suporta at interbensyon ay hindi nakakatulong sa palagiang pagpasok ng inyong anak, kailangan namin na magsampa ng petisyon sa korte para sa Kabataan, na nagsasaad ng paglabag sa RCW 28A.225.010, batas na nag-uutos ng pagpasok sa Washington.

Ang aming pamamaraan sa pagpasok, na kinabibilangan ng mga kadahilanan kung bakit ang pagliban ay maaaring may pahintulot, ay makikita sa [seattleschools.org](http://seattleschools.org) sa ilalim ng Lupon ng Paaralan » Mga Patakaran at mga Pamamaraan » Serye 3000 – Mga Mag-aaral o sa [seattleschools.org/attendance](http://seattleschools.org/attendance).

Salamat at magkaroon ng isang mahusay na taon ng pasok!

Ng Buong puso,

Lagda ng Punong-guro